ungdata | OsloMet STORBYUNIVERSITETET VELFERDSFORSKNINGSINSTITUTTET NOVA

# Impormasyon para sa mga magulang at mga mag-aaral tungkol sa survey ng Ungdata

Ngayong taon, ang pagsusuri ng Ungdata ay isasagawa sa paaralan ng iyong anak. Ang lahat ng mga mag-aaral sa paaralan at sa munisipalidad ay inaanyayahan na makilahok sa pagsusuri. Ang pagsusuri ay isasagawa sa paaralan sa panahon ng semestre ng tagsibol. Ang layunin ay upang makakuha ng magandang kalahatang-ideya sa mapaghugis na mga kalagayang lokal ng mga bata at nakababatang mga tao.

## Layunin ng survey

- Upang mabibigyan ang mga bata at nakababatang mga tao ng oportunidad na sabihin sa lokal na mga pulitiko at mga awtoridad tungkol kung paano ang lumalaki sa munisipalidad.
- Pagbigay ng kaalaman na magagamit sa mga pagsisikap ng munisipalidad upang pabutihin ang kalagayan ng pagkakabata para sa mga bata.
- Magtamo ng data ng pananaliksik upang makakakuha ng higit pang kaalaman tungkol sa local na kalagayan ng pagkakabata ng mga bata, sa nasyonal at sa ppaglipas ng panahon.

## Ano ang itinanong namin tungkol sa Ungdata?

- Mga kaibigan, panggamit sa aliw at media
- Pamilya, paaralan at lokal na komunidad
- Kalusugan, kagalingan at kalidad ng buhay
- Pang-aapi
- Kasarian at antas ng grado

### Sa mas-mababang-pangalawang paaralan, itinanong din namin ang:

- Mga paglabag sa alituntunin paggamit ng substansya
- Karahasan at panliligalig
- Antas sa edukasyon ng mga magulang

## Paano isinagawa ang Ungdata?

- Isang oras sa paaralan ay itinakda upang kumpletuhin ang survey, na gagawin sa presensya ng isang adulto.
- Ang survey ay isasagawa sa elektronika sa pamamagitan ng pag-log in sa pahina ng tugon ng Ungdata na may isang-beses na sapalarang code. Ang code ay hindi maaaring mai-link sa tagapagtugon.
- Ang mga mag-aaral ay tumutugon sa pamamagitan ng paglagay ng tsek sa mga kahon sa talatanungan.
- Ang mga tanong at mga sagot sa talatanungan ay mababasa sa yaong may gusto. Ito ay nangangailangan sa paggamit ng mga headphone.
- Ang iilang mga mag-aaral ay nangangailangan ng natatanging tulong upang makakalahok. Ang paaralan ay nakatanggap ng impormasyon tungkol sa iba't ibang mga paraan upang magbigay ng yoong tulong.

## Pagkakahanda

Ang serbisyo sa kalusugan ng paaralan ay maghihintay matapos ang pag-survey para sa yaong nangangailangan nito.

## Ang paglahok ay boluntaryo

- Ang mga mag-aaral ay maaaring makakapili kung sila ay makilahok o hindi.
- Malalaktawan ng mga tagatugon ang mga tanong na hindi nila gustong sagutan at makakahinto sa pagsagot kung saan ninanais nila.

## Pahintulot mula sa mga magulang/tagapagbantay

- Bilang magulang o tagapagbantay, makapagpasya ka kung maging ang iyong bata ay makilahok sa pagsu-survey o hindi.
- Kung nais mo na ang iyong anak ay makilahok, wala kang dapat gagawin.
- Kung hindi mo nais na ang iyong anak ay makilahok, dapat mong ipapaalam sa kontak na guro/paaralan bago magsisimula ang pagsu-survey.

## Patakaran ng pagkapribado

- Ang survey ay hindi makikilala. Hindi maaaring makikilala ang mga indibidwal sa pamamagitan ng data na nakolekta.
- Lahat ng mga tugon ay tratuhin nang mahigpit na kumpidensya.

## May pananagutan para sa survey

Ang survey ay isinagawa ng NOVA (Norwegian na instituyt ng panlipunang pananaliksik) sa OsloMet – Oslo Metropolitan University at ng Rehiyonal na dalubhasang sentro para sa mga droga at alkohol (KORUS), sa pangalan ng munisipalidad.

## Impormasyon ng kontak

Makipag-ugnayan sa iyong paaralan o ng iyong rehiyonal na KORUS para sa karagdagang impormasyon tungkol sa survey.

Makakatanggap ang mga magulang ng bersyong Norwehiyano o Ingles na talatanungan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa KORUS.

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa survey sa website ng Ungdata: http://www.ungdata.no/informasjon-til-ungdom-og-foresatte/